American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-388-402
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Paggalugad sa Karanasan ng mga Mag-aaral ng Medyor sa Filipino tungo sa Pagpili ng Medyor sa Kolehiyo: Isang Penomenolohikal na Pananaliksik

Danica Dale Kaye R. Manulat[1]
[1](Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)

**ABSTRAK:** Ang pangunahing layunin ng penomenolohikal na pananaliksik na ito ay matukoy ang mga karanasan, pamamaraan, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog. Gamit ang *purposive sampling*, natukoy ang labing-apat (14) na mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, na kasalukuyang nasa unang taon sa kolehiyo na siyang magiging kalahok ng pag-aaral. Pitong (7) mga kalahok para sa malalimang panayam *(in-depth interview)* at pitong (7) kalahok naman ang para sa pangkatang talakayan *(focus group discussion)*. Ipinakita ng mga resulta ng pananaliksik na ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng Filipino bilang medyor ay kinabibilangan ng mga sumusunod: pagkalito at pag-aalinlangan sa pagpili, impluwensiya ng mga nakapaligid, praktikal na dahilan, interes, kakayahan, at ang pagharap sa mga hamon sa kanilang sarili. Upang malampasan ang mga hamong ito, itinuturing nilang mahalaga ang mga sumusunod na mekanismo: ang pamilya bilang pangunahing motibasyon, ang personal na layunin bilang inspirasyon, mabisang estratehiya sa pag-aaral, pagiging matatag at pagtitiwala sa sarili, at ang pamamahala ng emosyon sa pag-aaral. Gayundin, ilang mahahalagang payo ang kanilang iminungkahi para sa mga mag-aaral na pipili ng medyor sa kolehiyo: ang pagpili ng medyor na tapat sa puso at interes, ang kahalagahan ng suporta mula sa mga magulang, ang pagpapalawak ng personal na kakayahan sa Filipino, at ang pagbabago ng pananaw sa Filipino bilang medyor.

***Mga Susing Salita:*** *pagpili ng medyor sa kolehiyo, penomenolohikal na pananaliksik, kwalitatibong pamamaraan*

## I. INTRODUKSYON

Ang pagdedesisyon ay parte na ng ating buhay, nakasalalay sa ating mga desisyon ang ating patutunguhan. Kaya naman, ang pagpili ng kurso sa kolehiyo at kung anong medyor ang kukunin ay hindi madaling gawin. Ito ay isang desisyong nangangailangan ng maingat na pag-iisip dahil maaari itong makaapekto sa hinaharap ng isang mag-aaral. Kapag ang isang kurso ay hindi tugma sa kagustuhan ng mag aaral, nagiging hadlang ito sa kanilang sigasig at dedikasyon sa pag-aaral. Maaari rin silang mawalan ng interes, magdesisyong lumipat ng kurso, o huminto sa pag-aaral, na kalaunan ay maaaring humantong sa kawalan ng kasiyahan sa kanilang piniling propesyon. Subalit, ang pagdedesisyon ay maaaring maimpluwensiyahan ng napakaraming salik na makaaapekto sa pagpili ng medyor na kukunin sa kolehiyo. Maaaring ito ay resulta ng personal na kagustuhan, pagpapahalaga, at interaksyon sa mga magulang at sa lipunan (Zhao, 2022).

Sa bansang China, ang pagpapahalaga sa sarili ay nangangahulugang pagsunod sa magulang at mga pag-uugaling nagbibigay karangalan at paggalang sa pamilya. Ang pagpili ng karera ng mga bata ay kadalasang desisyon ng buong pamilya dahil inaasahan sila na makatutulong upang masiguro ang kaligayahan at kaginhawaan ng kanilang mga magulang sa kanilang pagtanda. Bunga nito, ang mga estudyante ay kadalasang pumipili ng medyor sa kolehiyo na magbibigay-daan sa kanila na makamit ang kanilang mga personal na layunin at magbigay rin ng suporta sa kanilang mga kapatid at magulang sa kanilang pagtanda. Sa pananaliksik ni Tu at Xia ipinahayag na sa bansang China, ang mga babae ang kadalasang nanghihingi ng payo sa kanilang pamilya sa pagpili ng medyor at iniiwasan nilang ipahayag ang kanilang sariling paniniwala, na nagreresulta sa pagpili ng mga kurso na hindi akma sa kanilang mga katangian (Tu & Xia, 2022).

Sa Pilipinas, partikular na sa probinsya ng Tawi-Tawi, iniisip ng iba na maging praktikal sa pagpili ng kanilang kurso dahil sa malawakang pagtanggap ng Kagawaran ng Edukasyon sa mga guro bawat taon. Nagiging praktikal ang mga tao sa pagpili ng kanilang kurso kapag sila ay nasa kolehiyo na. Habang may ilang mga kursong mas kumikita lamang sa ibang bansa, maraming estudyante ang naaakit na magkaroon ng interes sa mga kursong pang-edukasyon na kinakailangan sa kasalukuyan, lalo na sa Tawi-Tawi. Mahihinuha na ang kanilang kursong

pinili ay hindi lamang sila ang pumili nito. Ang impluwensya ng ibang tao sa pagpili ng kanilang kurso ay maaaring makatulong o makahadlang upang magtagumpay sila sa kanilang buhay (Sadjail et al., 2022).

May mga mananaliksik na rin ang nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng medyor sa kolehiyo at mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagpili kagaya ng pag-aaral nina Taglucop et al. (2024) na pinamagatang, Mga Batayan sa Pagpili ng Asignaturang Medyor ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao na nakapokus sa pagtukoy sa mga salik na nakaiimpluwensya sa pagpili ng asignatura bilang medyor sa kolehiyo na kung saan ang mga respondante ay mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon sa Western Mindanao State University ng Zamboanga, gayundin ang pag-aaral nina Thath et al. (2022) na may pamagat na *Factors Influencing Students' Choice of Accounting Major in Cambodia,* na nakapokus na matuklasan ang mga salik na nakaiimpluwensya sa mga estudyanteng Cambodian sa pagdedesisyon kung anong medyor ang kukunin sa kursong Accounting na kung saan ang respondante ay mga mag-aaral sa siyam na institusyon sa Mataas na Edukasyon ng Cambodia. Bagama't marami na ang may pagkakatulad sa pag-aaral na ito subalit wala pang pananaliksik na naisagawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng medyor sa Filipino pati na ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagpili ng medyor sa Filipino na nakapokus sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay matukoy at mailahad ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa unang taon ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology tungo sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo. Nilalayon din nitong malaman ang mga salik na nakaapekto sa mga mag-aaral sa kanilang pagpili ng medyor, mga hamong kanilang kinaharap, at kanilang mga pamamaraan upang malampasan ito. Bukod dito, maaaring magsilbing gabay ang resulta ng pag-aaral na ito para sa mga mag-aaral na nasa proseso pa lamang ng pagpili ng kanilang kursong tatahakin sa hinaharap.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral tungo sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?
2. Paano nalampasan ng mga mag-aaral ang mga hamon sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?
3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral ukol sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?

## II. METODO

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang isang kwalitatibong penomenolohikal na pamamaraan dahil layunin ng mananaliksik na malinaw na ilarawan at ipaliwanag ang isang sitwasyon sa pamamagitan ng matinding pagsisikap sa pagpatotoo ng bawat detalye na nakalap. Pinili ang kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral na ito dahil ito ay tumutok sa mga interes ng mga tao, kanilang mga karanasan, at ang kanilang pagbibigay-kahulugan sa buhay (Merriam, 2009).

Sa kontekstong ito, ang kwalitatibong pamamaraan ay akma sa layunin ng mananaliksik na maunawaan at matukoy ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo, pati na rin ang mga salik na nakaapekto sa kanilang desisyon at kung paano nila nalampasan ang mga hamong kanilang naranasan gayundin ang kanilang mga pananaw at saloobin sa pagpili ng Filipino bilang medyor sa kolehiyo. Sa pagkuha ng datos, ang pamamaraang pakikipanayam ang ginamit bilang pangunahing metodo sa pagkuha ng impormasyon.

**Mga Partisipante ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay ang mga piling mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) na kumukuha ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino, partikular ang mga mag-aaral na nasa unang taon. Labing-apat ang kabuoang bilang ng mga partisipante sa pag-aaral na ito. Pitong (7) kalahok ang sasailalim sa *In-Depth Interview (IDI)* kung saan isa-isa silang kapapanayamin ng mananaliksik. Sa kabilang banda, pitong (7) kalahok naman ang magiging bahagi ng *Focus Group Discussion (FGD)* kung saan sabay-sabay silang kapapanayamin ng mananaliksik.

Ang bilang ng mga partisipante ay nakabatay sa mungkahi ni Creswell (1998), na nagsasabing ang sapat na bilang para sa kwalitatibong pag-aaral ay nasa 3-15 na mga partisipante. Ang ganitong bilang ay makatutulong sa pagpapadali ng proseso ng pangangalap ng impormasyon.

**Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Ang mga sumusunod ay ang mga pamamaraang isinagawa sa pangangalap ng mga datos. Sa prosesong ito, gumamit ang mananaliksik ng isang sistematikong hakbang sa pangangalap ng impormasyon, upang matiyak ang kaayusan, bisa, at integridad ng datos na makakalap para sa pananaliksik na ito (Creswell, 2002).

Una, matapos maipasa ang papel sa mga tagasuri at makatanggap ng positibong komento, ipinasa ng mananaliksik ang ginawang talatanungan para sa pag-apruba. Kapag nabigyan na ng balidasyon ang talatanungan ng mga tagasuri, naghanda ang mananaliksik sa pagpili ng mga target na partisipante, na mga mag-aaral sa Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng KCAST na nasa unang taon sa kolehiyo.

Pangalawa, matapos mapili ang mga posibleng kalahok, isinagawa ang oryentasyon para sa mga napiling kalahok. Pagkatapos ng oryentasyon, ibinigay ng mananaliksik ang liham pahintulot para sa kanilang pakikilahok sa pag-aaral. Hiniling sa kanila na lumagda sa liham-pahintulot bilang pagsang-ayon sa mga kondisyon, na nagpapakita na ang kanilang pakikilahok ay naaayon sa kanilang sariling pagpapasya at hindi sila pinilit na lumahok at magbahagi ng impormasyon na makatutulong sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng teknik na purposive sampling, natukoy ang mga kalahok para sa pananaliksik.

Pangatlo, matapos makuha ng mananaliksik ang kompirmasyon ng kaniyang mga kalahok ay nagtakda agad ng oras o panahon kung anong oras o araw silang bakante para sa gagawing panayam nang sa gayon ay maiskedyulan ito para sa tuloy-tuloy na proseso. Ang mga panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng *face-to-face* na pakikipanayam.

Karagdagan, bago simulan ng mananaliksik ang panayam, humingi muna siya ng pahintulot mula sa mga partisipante para i-rekord ang kanilang mga sagot. Lahat ng datos na nakalap mula sa panayam ay nailipat sa malinis na papel o sa isang *Word document* na may nakasalin na sagot. Ang paggamit ng *audio recorder* ay nagsilbing instrumento upang mapatunayan ang bawat detalye ng panayam. Gayunpaman, tiniyak ng mananaliksik na mananatiling kompidensyal at pribado ang mga impormasyong nakalap mula sa mga kalahok.

Panghuli, siniguro ng mananaliksik na maibalik ang nagawang transkripsiyon sa mga kalahok upang kanilang suriin at iwasto kung mayroong pagkukulang o kamalian sa impormasyon na naitala. Ginawa ito upang makumpirma ng mga kalahok ang kanilang mga sagot sa mga tanong sa panayam upang matiyak na ang lahat ng impormasyong naitala ay tama at maayos.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa pananaliksik na ito, maingat na sinuri at inorganisa ang mga nakalap na datos batay sa layunin ng pag-aaral. Ginamit ang mga tugon ng mga partisipante upang matukoy ang mga karaniwang ideya at tema na tumugon sa mga katanungan ng pananaliksik. Ayon kina Bogdan at Biklen (1982), ang kwalitatibong pagsusuri ay isinasagawa sa pamamagitan ng panayam, organisasyon ng datos, at pagbuo ng mga pattern at tema. Sa tulong ng tematikong pagsusuri at paggamit ng *coding*, naging sistematiko ang paglalapat ng mga kategorya sa mga pahayag ng kalahok. Nakatulong ito sa mas malinaw na pag-unawa sa mga datos, pagbuo ng lohikal na balangkas, at pagtukoy sa mga mahahalagang isyu at personal na karanasan ng mga kalahok na may kaugnayan sa layunin ng pananaliksik.

## III. RESULTA

**Unang tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral tungo sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?**

Sa pagsusuri ng mga tugon ng mga kalahok sa unang tanong, lubos na naihayag ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng KCAST sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Makikita sa kanilang mga tugon ang mga hamon na kanilang naranasan sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Sa mga naalisang pahayag mula sa ibinahagi ng mga partisipante, lumitaw ang limang (5) tema: 1) pagkalito at pag-aalinlangan sa pagpili ng Filipino bilang medyor, 2) impluwensiya ng mga nakapaligid sa pagpili ng medyor, 3) praktikal na dahilan sa pagpili ng kurso, 4) interes at kakayahan bilang salik sa pagpili ng filipino bilang medyor, at 5) pagharap sa sariling hamon.

| Mga Pangunahing Tema | Mga Suportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagkalito at Pag-aalinlangan sa Pagpili ng Filipino bilang Medyor** | • "Nahirapan ako dahil may pag-aalinlangan ako, at bigla na lang akong napunta sa Filipino."- IDI-01<br>• "Nagdadalawang-isip ako dahil marami ang nagsasabing mahirap ang Filipino, lalo na pagdating sa tesis at pananaliksik." - IDI-02<br>• "Nalilito ako at hindi sigurado kung anong kurso ang dapat piliin." - IDI -03 |

| | |
|---|---|
| | • "Kinakabahan ako kung kakayanin ko ba ang kursong ito." - IDI-04<br>• "Nahirapan at kinakabahan dahil baka hindi kayanin ang Filipino bilang medyor." - FGD- 01<br>• "Nalilito at kinakabahan ako, baka dumating ang puntong mahirapan ako at hindi ko makaya ang kursong ito." - FGD-03<br>• "Kinakabahan dahil baka hindi ito angkop sa aking kakayahan at natatakot din na magkamali."- FGD-04<br>• "May halong kaba at hindi maintindihan kung bakit napili ang medyor sa Filipino ngunit wala rin naman akong ibang pagpipilian." - FGD-07 |
| **Impluwensiya ng mga Nakapaligid sa Pagpili ng Medyor** | • "Pinayuhan ako ng aking guro sa *Senior High School* na piliin ang Filipino dahil *in-demand* ito." - IDI-03<br>• "Naimpluwensyahan ako ng aking pamilya, lalo na ng aking ate na may parehong medyor sa Filipino." - IDI-06<br>• "Pinili ko ito dahil kagustuhan ni Mama na makapag-aral ako, kahit hindi ko naman talaga gusto." - FGD-02<br>• "Pinayuhan ako ng aking guro noong Senior High School na piliin ang Filipino dahil may kakayahan ako rito."- FGD-03<br>• "Iminungkahi ito ng aking guro dahil sinabing magaling ako at may potensyal sa Filipino bilang aking medyor."- FGD-04<br>• "Nahikayat ako ng aking pamilya at mga guro na piliin ang Filipino dahil ito ay kawili-wili."- FGD-06 |
| **Praktikal na Dahilan sa Pagpili ng Kurso** | • "Isinaalang-alang ko ang aspetong pinansyal sa pagpili ng kurso, lalo na't abot-kaya ang KCAST." - IDI-03<br>• "Pinag-isipan ko kung kaya ng aming pamilya ang gastusin para sa aking pag-aaral." - IDI-04<br>• "Pinili ko ang KCAST dahil walang matrikulang babayaran at may medyor din sa Filipino." - IDI-07<br>• "Dahil sa problemang pinansyal, napilitan akong piliin ang Filipino kahit gusto ko sanang maging arkitekto. Hindi ako nakapasa sa DOST at wala rin akong ibang nakuha na scholarship." - FGD-02<br>• "Isinaalang-alang ko kung magiging *in-demand* ito sa hinaharap." - FGD-05 |
| **Interes at Kakayahan bilang Salik sa Pagpili ng Filipino bilang Medyor** | • "Isinaalang-alang ko ang aking mga kalakasan at kahinaan sapagkat ako mismo ang mag-aaral nito." - IDI-01<br>• "Gusto kong matuto ng Filipino at gusto kong maging mahusay sa pagsasalita ng Filipino." - IDI-02<br>• "Gusto kong lubusang lumawak pa ang aking kaalaman sa Filipino at masasabi ko rin na may interes ako sa Filipino." - IDI-03<br>• "Habang nag-aaral ang aking ate ay namamangha ako dahil magaling siya sa mga estruktura kaya nasabi ko sa aking sarili na interesado ako sa medyor na Filipino."- IDI-06<br>• "Gusto kong mas mapalalim pa ang aking kaalaman sa Filipino." - IDI-07<br>• "Gusto kong maging guro sa hinaharap at isa rin ang Filipino sa mga gusto kong asignatura." - FGD-01<br>• "Isinaalang-alang ko sa pagpili ng medyor kung saan ako higit na hiyang." - FGD-02<br>• "Ang pumukaw sa aking interes ay hindi lamang ang aking kakayahan kundi dahil ito rin ang aking paboritong asignatura." - FGD-03 |

| | |
|---|---|
| | • "Isinalang-alang ko ang aking kakayahan bilang isang mag-aaral." - FGD-07 |
| **Pagharap sa Sariling Hamon** | • "Pakiramdam ko, napag-iiwanan ako dahil matatalino ang mga kaklase ko, at parang ako lang ang hindi marunong." - IDI-02<br>• "May pag-aalinlangan din ako sa sarili ko na baka hindi ko kayanin kapag Filipino ang pinili kong kurso." - IDI-03<br>• "Ang pinakamalaking kalaban ko dito ay ang sarili ko dahil hindi ko alam kung makakaya ko ba ang kursong ito sa hinaharap." - FGD-01<br>• "Ang hamon na aking naranasan sa pagpili ng Filipino ay ang sarili ko dahil nagduda ako kung kaya ko ba talagang piliin ito, pero nilabanan ko ang mga pag-aalinlangan ko at pilit na pinatunayan na kaya ko ang kursong ito." - FGD-03<br>• "Ang hamon na aking naranasan sa pagpili ng Filipino bilang medyor sa kolehiyo ay ang aking sarili sapagkat hindi ko talaga nais na magturo lalong-lalo na sa Filipino." - FGD-06<br>• "Ang sarili ko dahil hanggang ngayon hindi ko pa rin matanggap na medyor sa Filipino ang kinuha ko sa kolehiyo." - FGD-07 |

**Katanungan sa pananaliksik bilang 2: Paano nalampasan ng mga mag-aaral ang mga hamon sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?**

Sa pag-aanalisa sa mga tugon ng mga partisipante sa pangalawang tanong, nabatid nang husto ang mga pamamaraan at mekanismong ginamit ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamon sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo. Sa mga naalisang pahayag mula sa ibinahagi ng mga partisipante, lumitaw ang limang (5) tema: 1) pamilya bilang pangunahing motibasyon, 2) motibasyon mula sa personal na layunin, 3) mabisang estratehiya sa pag-aaral, 4) pagiging matatag at pagtitiwala sa sarili, at 5) pamamahala ng emosyon sa pag-aaral.

| Mga Pangunahing Tema | Mga Suportang Pahayag |
|---|---|
| **Pamilya bilang Pangunahing Motibasyon** | • "Ang aking anak ang nagsilbing inspirasyon ko. Pangarap kong maging isang guro sa Filipino na maipagmamalaki niya—isang inang ipinagmamalaki at hinahangaan niya."- IDI-02<br>• "Ang motibasyon talaga ay ang makapagtapos tayo ng pag-aaral, makatulong sa ating pamilya, at masuklian ang lahat ng naitulong nila sa atin, lalo na ang pagpapaaral nila sa atin. Iyon talaga ang layunin ng ating mga magulang kung bakit nila tayo pinag-aaral."- IDI-03<br>• "Iniisip ko kung ano ang maitutulong ko sa aking pamilya kapag natapos ko na ang kursong ito. Naiisip ko na madadala ko na si Mama sa mga malalayong lugar, at mabibigyan ko siya ng mga regalo kahit walang okasyon."- IDI-06<br>• "Ang nagbibigay talaga sa akin ng inspirasyon para ipagpatuloy ko ang pag-aaral ng Filipino ay ang aking pamilya dahil sila ang dahilan kung bakit ako nag-aaral at kung bakit ko gustong makapagtapos."- FGD-01<br>• "Ang nagbibigay ng inspirasyon sa akin, una talaga, ay ang mga magulang ko dahil sa mga hirap na pinagdaanan nila para lamang makapag-aral ako."- FGD-02<br>• "Ang inspirasyon ko upang ipagpatuloy ang pag-aaral ng Filipino ay ang aking pamilya. Sa kabila ng lahat ng kanilang pagod at sakripisyo, ito lamang ang tanging maibabalik ko sa kanila bilang pasasalamat."- FGD-03<br>• "Ang nagbigay sa akin ng inspirasyon upang magpatuloy ay ang aking papa. Kami na lang kasi ang magkasama sa buhay |

| | |
|---|---|
| | dahil matagal nang pumanaw ang aking mama. Bilang anak, nais kong maiahon sa kahirapan ang aking ama at makapagtapos ng pag-aaral upang makatulong sa pamilya."- FGD-06 |
| **Motibasyon mula sa Personal na Layunin** | • "Nais kong bumawi sa aking pamilya, sa pamamagitan ng pagpapaaral sa aking mga nakababatang kapatid."- IDI-03<br>• "Kapag ipinagpatuloy ko ito at tatapusin ay mas maganda ang aking kinabukasan. May posibilidad na gaganda ang aking kinabukasan."- IDI-06<br>• "Gusto ko rin na maging topnotcher at makapagturo sa institusyon ng KCAST."- IDI-07<br>• "Palagi kong nilalagay sa utak ko na ang isang taong mahirap na walang pangarap ay mananatiling mahirap pero ang isang taong mahirap na may pangarap at may motibasyon na abutin ito ay makakamit at mapagtatagumpayan niya ang mga ito."- FGD-04<br>• "Ang aking inspirasyon ay ang pangarap kong maging isang Licensed Professional Teacher."- FGD-05 |
| **Mabisang Estratehiya sa Pag-aaral** | • "Aktibong pakikinig sa guro, pagsabay ng sariling pag-aaral, pagbabalik-aral sa mga PPT, at pananaliksik sa internet para sa dagdag na kaalaman."- IDI-03<br>• "Kapag may mga gawain na ibinibigay ay agad ko itong ginagawa at pinag-aaralan ko rin ang mga ppt's na ibinibigay sa amin."- IDI-05<br>• "Sa tuwing may hindi ako nauunawaan sa talakayan, nagsasaliksik ako at naghahanap ng karagdagang paliwanag upang mas malinaw itong maunawaan."-IDI-07<br>• "Ang ginagawa ko ay mag-aral para may alam ako kahit papaano sa medyor para may maisagot ako at para na rin makapasa." - FGD-02<br>• "Inuulit kong basahin at sinusuri ang aking mga tala upang mas maunawaan at matandaan ang mga araling tinalakay sa klase." - FGD-05 |
| **Pagiging Matatag at Pagtitiwala sa Sarili** | • "Magpapatuloy ako kahit mahirap, dahil naniniwala akong sa paglipas ng panahon ay matututuhan ko ring mahalin ang Filipino." - IDI-01<br>• "May tiwala ako sa sarili, dahil walang ibang makatutulong sa akin kundi ang aking sarili." - FGD-01<br>• "Palagi kong iniisip na pagsubok lamang ito, lahat ng mga mag-aaral ay nakararanas din ng ganito at marami na rin akong napagtagumpayang hamon sa buhay."- FGD-04 |
| **Pamamahala ng Emosyon sa Pag-aaral** | • "Kapag bumabagsak ako sa pagsusulit, tinatawanan ko na lang at hindi masyadong dinidibdib upang maiwasan ang stress at panghihina ng loob."- IDI-06<br>• "Inihihinga ko sa pagtulog ang aking pagod, at sa paggising, lumalaban ulit ako. Minsan naman, naglilibang o gumagala ako upang makapagpahinga ang isip ko."- IDI-07<br>• "Pinapakalma ko ang aking sarili at patuloy na pinapalakas ang loob upang magpatuloy sa kursong ito." - FGD-01<br>• "Pinapayagan kong magpahinga ang sarili sa pamamagitan ng pagtulog, at pagkatapos ay bumabangon muli upang ipagpatuloy ang laban." - FGD-05<br>• "Minsan, inilalabas ko ang bigat ng loob sa pamamagitan ng pag-iyak at pananalangin sa Panginoon."- FGD-06<br>• "Nagpapahinga ako sa pamamagitan ng pagtulog, at pagkatapos ay nagpapatuloy muli—pahinga, tuloy, pahinga, tuloy."- FGD-07 |

**Katanungan sa pananaliksik bilang 3: Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral ukol sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo?**

Sa pag-aanalisa sa mga tugon ng mga partisipante sa pangatlong tanong, nabatid nang husto ang mga pananaw ng mga mag-aaral ukol sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo. Sa mga naalisang pahayag mula sa ibinahagi ng mga partisipante, lumitaw ang apat (4) na tema: 1) pagpili ng medyor na tapat sa puso at interes, 2) kahalagahan ng suporta ng magulang sa pagpili ng kurso, 3) pag-unlad ng personal na kakayahan sa Filipino, at 4) pagbabago ng pananaw sa Filipino bilang medyor.

| Mga Pangunahing Tema | Mga Suportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagpili ng Medyor na Tapat sa Puso at Interes** | • "Piliin ang kursong gusto mo upang maiwasan ang pagsisisi sa huli, dahil mahirap mapagtanto nang nasa kalagitnaan ka na na hindi mo pala ito gusto." - IDI-03<br>• "Nawawalan ng gana sa pagpasok kapag hindi mo gusto ang napili mong kurso. IDI 4<br>• Maging maingat sa pagpili upang hindi magsisi tulad ng naranasan ko." - IDI-05<br>• "Kapag may tunay kang interes sa iyong kurso, mas magsisikap ka at mas maghahangad ng mataas na tagumpay." -IDI-07<br>• "Sundin ang iyong puso, dahil kung gusto mo ang kursong kinuha mo, mas madali kang makakapagpatuloy." - FGD-01<br>• "Piliin ang Filipino dahil may interes ka rito, hindi dahil wala kang ibang pagpipilian."-FGD-05<br>• "Sundin ang pintig ng iyong puso at piliin ang kursong akma sa iyong personalidad."- FGD-07 |
| **Kahalagahan ng Suporta ng Magulang sa Pagpili ng Kurso** | • "Dapat magbigay ng motibasyon ang mga magulang, lalo na sa mga anak na nakararanas ng pagkabalisa at hirap sa pag-aaral." - IDI-05<br>• "Mahalaga na hayaan ang mga anak na piliin ang kursong gusto nila, dahil kung hindi nila ito gusto, maaaring mawalan sila ng motibasyon at mabigo."- IDI-06<br>• "Dapat suportahan ng magulang ang gusto ng kanilang anak, dahil kung pipilitin ang hindi nila gusto, mahihirapan sila—tulad ng naranasan ko." - IDI-07<br>• "Dapat bigyang-pansin at palaging suportahan ng magulang ang mga pangarap at desisyon ng kanilang mga anak." - FGD-03<br>• "Mahalaga ang suporta ng magulang upang maramdaman ng mga anak na pinapahalagahan ang kanilang desisyon sa pagpili ng kurso." - FGD-05<br>• "Dapat buo ang suporta ng magulang sa anumang kursong pipiliin ng kanilang mga anak." - FGD-07 |
| **Pag-unlad ng Personal na Kakayahan sa Filipino** | • "Marami akong natutunan tungkol sa Filipino at natuklasan kong maganda itong pag-aralan dahil mas lalo kong napahalagahan ang ating wika." - IDI-03<br>• "Dati, madalas akong magkamali sa balarila kahit Filipino na ang ginagamit, pero ngayon ay unti-unti ko na itong natututunan at napagbubuti." - IDI-04<br>• "Mas lumawak ang aking kaalaman sa kasaysayan ng ating wika."- IDI-06<br>• "Mas napaunlad ko ang aking kasanayan sa pagsulat sa pamamahayag at mas nadagdagan pa ang aking kaalaman na maaari kong magamit sa larangang ito." - IDI-07<br>• "Mas napalalim pa niya ang aking kaalaman tungkol sa asignaturang Filipino." FGD-01<br>• "Mas yumabong pa ang aking kaalaman tungkol sa Filipino." - FGD-03 |

| | |
|---|---|
| **Pagbabago ng Pananaw sa Filipino bilang Medyor** | • "Pinili ko ang Filipino dahil inakala kong madali lang ito—magsasalita lang ng Filipino. Ngunit habang pinag-aaralan ko ito, napagtanto kong hindi pala ganoon kadali at marami pa akong dapat matutunan." - IDI-03<br>• "Maling isipin na madaling aralin ang Filipino, dahil sa realidad, ito ay isang hamon." - IDI-04<br>• "Noong *senior high school* ako, inakala kong madali ang Filipino, ngunit nang pumasok ako sa kolehiyo, napagtanto kong saklaw nito ang maraming aspeto, kabilang ang kasaysayan." - IDI-06<br>• "Akala ko noon ay madali ang Filipino, ngunit nang kumuha ako ng kursong ito sa kolehiyo, nagulat ako sa hirap nito—maging ang aming mga pagsusulit at performance ay nagpapakita na hindi ito ganoon kadali." - IDI-07 |

## IV. DISKUSYON

**Karanasan ng mga Mag-aaral ng Medyor sa Filipino tungo sa kanilang Pagpili ng Medyor sa Kolehiyo.** Ang mga resulta ay nagpapakita ng mga karanasan ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino na kasalukuyang nasa unang taon tungo sa kanilang pagpili ng medyor sa kolehiyo. Sa mga nakalap na tugon mula sa mga ibinahagi ng mga partisipante sa unang tanong ng pananaliksik na ito ay lumabas ang limang pangunahing tema.

**Pagkalito at Pag-aalinlangan sa Pagpili ng Filipino bilang Medyor.** Ang pagpili ng medyor sa kolehiyo ay isang mahalagang desisyon na maaaring makaapekto sa kinabukasan ng isang mag-aaral. Isa sa mga hamon na kinaharap ng mga mag-aaral ay ang kanilang pagkalito at pag-aalinlangan sa pagpili ng Filipino bilang medyor sa kolehiyo. Naging mahirap para sa kanila ang pagpili dahil sa iba't ibang salik, tulad ng takot na hindi kayanin ang kurso, mga naririnig nilang nagsasabing mahirap ito, at ang pagdududa kung ito ba ay angkop sa kanilang kakayahan. Dahil dito, marami ang naguguluhan kung ano talaga ang dapat nilang piliin bilang medyor sa kolehiyo.

Sumasalamin ang mga natuklasan ng pananaliksik na ito sa naunang pag aaral na nagsasaad na ang pagkakaroon ng pag-aalinlangan at pagkalito sa pagpili ng medyor sa kolehiyo ay bunsod ito ng takot na baka hindi akma sa kanilang mga kakayahan at baka hindi nila kayanin ang mga hamon ng medyor. Dahil dito, mahalagang maging tiyak sa pagpili mula pa lamang sa simula. Gayunpaman, may mga pagkakataong, sa kanilang paghahanap ng medyor na higit na angkop sa kanilang interes at kakayahan, nauuwi sila sa pagpapalit ng medyor sa kinalaunan (Denice, 2020).

Kaugnay nito, ang ilan pa sa mga rason kung bakit may pag-aalinlangan at pagkalito ang mga mag-aaral sa kung ano ang dapat nilang piliin na medyor sa kolehiyo ay dahil sa mga limitado nilang pagpipilian. Napipilitan ang mga mag-aaral na kunin ang medyor na hindi talaga gusto dahil lamang sa dahilan na limitado ang kanilang mga pagpipilian sa paaralan at kurso (Callender & Melis, 2022).

**Impluwensiya ng mga Nakapaligid sa Pagpili ng Medyor.** Malaki ang impluwensiya ng mga taong nakapaligid sa mga mag-aaral, tulad ng kanilang pamilya at guro, sa pagpili nila ng medyor sa kolehiyo. Isinasaalang-alang ng mga mag-aaral ang opinyon at pananaw ng kanilang pamilya, lalo na ang mga magulang, na maaaring naghimok sa kanila na piliin ang Filipino bilang medyor. Gayundin, ang mga guro ay may mahalagang papel sa paggabay at pagbibigay ng kaalaman na maaaring nakaimpluwensiya sa interes at kumpiyansa ng mag-aaral sa kanyang napiling larangan.

Ayon sa isinagawang pag-aaral, na siyang nagpapatibay sa resulta ng pag aaral na ito, ang mga payo at gabay ng pamilya ay mahalagang salik sa pagdedesisyon ng mga mag-aaral sa pagpili ng kurso sa kolehiyo. Ang pagkakaroon ng wastong suporta at tamang gabay mula sa mga magulang ay nagiging daan tungo sa mas maingat at makabuluhang desisyon. Kaya naman, dapat na maayos na magabayan ang mga mag-aaral upang makagawa sila ng magandang desisyon tungkol sa kanilang pagpili ng kurso sa kolehiyo. Ang impluwensya ng mga magulang sa pagpili ng mga mag-aaral ay hindi maaaring maliitin (Onoshakpokaiye, 2022).

**Praktikal na Dahilan sa Pagpili ng Kurso**. Sa pagpili ng medyor sa kolehiyo, maraming mag-aaral ang isinasaalang-alang ang pagiging praktikal ng kanilang desisyon. Isa sa mga pangunahing salik na kanilang tinitingnan ay ang aspetong pinansyal, kung kaya ba silang suportahan ng kanilang pamilya sa kursong nais nilang kunin. Dahil sa limitadong kakayahang pinansyal, may mga mag-aaral na napipilitang piliin ang kursong inaalok ng mga *Local College* na may libreng matrikula, sa halip na sundin ang kanilang personal na interes. Bukod dito, isinaalang-alang din ng ilang mag-aaral ang oportunidad sa trabaho sa hinaharap kapag sila ay nakapagtapos na.

Ipinapakita nito na sa kabila ng mga personal na kagustuhan, marami pa ring mag-aaral ang nagpapasya batay sa mga praktikal na konsiderasyon upang masigurong may magandang oportunidad silang naghihintay sa hinaharap.

Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay tumutugma sa naunang pag aaral na nagsasabing ang pangunahing isinasaalang-alang ng karamihan sa pagpili nila ng medyor sa kolehiyo ay ang mga posibilidad ng trabaho sa hinaharap. Sa kabila ng mga maling akala ng lipunan tungkol sa ilang larangan, madalas nilang pinipili ang mga kursong may mas magandang oportunidad sa trabaho. Ang desisyong ito ay naiimpluwensyahan ng kanilang hangaring makahanap ng trabaho pagkatapos ng kolehiyo upang masuportahan ang kanilang sarili at kanilang pamilya. Ipinapakita nito ang praktikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pagtiyak ng isang matatag na 88 kinabukasan sa halip na sundin lamang ang kanilang personal na interes (Briones & Rubi, 2021).

**Interes at Kakayahan bilang Salik sa Pagpili ng Filipino bilang Medyor.** Isa sa mahahalagang salik na isinaalang-alang ng mga mag-aaral sa pagpili ng kanilang medyor sa kolehiyo ay ang kanilang personal na interes at kakayahan sa asignatura. Ang pagpili ng medyor na naaayon sa sariling interes at kakayahan ay may malaking epekto sa kanilang pagkatuto at pang-akademikong pagganap. Napag-alaman sa pamamagitan ng pananaliksik na, kapag ang isang mag-aaral ay may mataas na antas ng interes sa isang larangan, mas nagiging masigasig siya sa pag-aaral, mas lumalalim ang kanyang pag-unawa, at mas nagkakaroon ng determinasyon na harapin at malampasan ang mga hamon sa kanyang pag-aaral.

Sa kabilang banda, nagbibigay ng dagdag na patunay ang resulta ng pananaliksik na ito sa mga natuklasan sa naunang pag-aaral na nagsasaad na kapag pumipili ng kurso sa kolehiyo sa unang pagkakataon o kahit sa pagpapalit ng medyor, kadalasan ang pangunahing motibasyon ng mga mag-aaral ay ang kanilang hilig. Isinaalang-alang din nila ang pagiging akma ng kanilang medyor sa kanilang personalidad. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng mga mag-aaral ang mga salik na ito kapag pumipili ng kanilang medyor sa kolehiyo at hinaharap na propesyon, upang ito ay tumugma sa kanilang mga personal na interes at pinapangarap (Matthews et al., 2024).

**Pagharap sa Sariling Hamon.** Isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang kanilang medyor ay ang pagdududa sa kanilang sariling kakayahan. Maraming mag-aaral ang nag-aalinlangan kung sapat ang kanilang kaalaman at kasanayan upang mapagtagumpayan ang mga akademikong hamon sa kursong ito. Ang kawalan ng kumpiyansa ay nagdudulot ng pangamba at pag-aalinlangan sa kanilang kakayahang makasabay sa mga gawain sa paaralan.

Hindi lamang iyon, nakumpirma sa pananaliksik na ito ang natuklasan ng isang pag-aaral na nagsasabing, ang mga mag-aaral na kulang ang tiwala sa sarili ay maaaring makaranas ng kawalan ng gana sa pag-aaral, pagkawala ng pokus, at pakiramdam ng pagkainip, pag-aalala, lungkot, o pagkadismaya. Dahil dito, nagiging hadlang ito sa kanilang pagkatuto at maaaring makaapekto sa kanilang pangkalahatang pagganap sa paaralan (Acosta-Gonzaga, 2023).

Samakatuwid, ipinapakita ng isang pananaliksik na ang mga estudyanteng may mataas na tiwala sa sarili ay mas aktibong nakikilahok sa klase, nasisiyahan sa pag-aaral, nakararamdam ng mas kaunting pagkabahala sa mga pagsusulit, at mas nagiging komportable sa pakikipagsalamuha sa mga guro at kapwa estudyante. Ang kumpiyansa sa sarili ay nagtutulak sa kanila na maging mas bukas sa pagbabahagi ng kanilang mga saloobin at karanasan sa loob ng silid-aralan (Akbari & Sahibzada, 2020).

**Paano nalampasan ng mga mag-aaral ang mga hamon sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang Medyor sa Kolehiyo.** Sa mga naalisang pahayag mula sa tugon ng mga partisipante sa ikalawang katanungan, nakabuo ang mananaliksik ng limang tema. Ang mga nabuong tema ang nagsilbing gabay at tulong upang malampasan ang mga hamon.

**Pamilya bilang Pangunahing Motibasyon.** Ang pamilya ang nagsisilbing pangunahing motibasyon ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamon sa kanilang pag-aaral. Marami sa kanila ang nagnanais na masuklian ang sakripisyo ng kanilang mga magulang sa pamamagitan ng pagtatapos ng pag-aaral at pagbibigay ng mas magandang buhay sa kanilang pamilya. Para sa ilan, ito ay paraan upang mapagaan ang buhay ng kanilang mga magulang at maibalik ang kanilang pagod, habang ang iba naman ay inspiradong maging huwarang guro upang ipagmalaki ng kanilang anak. Mayroon ding patuloy na nagsisikap upang maiahon ang kanilang pamilya mula sa kahirapan. Sa kabila ng magkakaibang karanasan, nagkakaisa ang mga mag-aaral sa layuning ipagpatuloy ang kanilang edukasyon bilang pagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa pamilya.

Mahalaga ang motibasyon sa pagharap ng mga mag-aaral sa hamon ng pagpili ng Filipino bilang kanilang medyor sa kolehiyo. Nagbibigay ng dagdag na patunay ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga natuklasan sa naunang pag-aaral na nagsasabing ang motibasyon ang nagtutulak upang magpatuloy sa kabila ng mga hadlang at pagsubok. Ito ang nagbibigay sa mga mag-aaral ng lakas upang maabot ang kanilang buong potensyal at nagsisilbing dahilan ng kanilang pagsisikap (Hawthorne, 2024).

Sa katunayan, ang suporta ng pamilya ay may mahalagang papel sa tagumpay ng mga mag-aaral, hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa kanilang pangkalahatang pag-unlad. Kapag alam nilang

interesado ang kanilang pamilya sa kanilang edukasyon, mas nagiging masipag at determinado silang magtagumpay. Ang emosyonal at intelektwal na suporta ng mga magulang ay nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa sa sarili, na nagreresulta sa mas magandang pagganap sa paaralan. Dahil dito, maraming mag-aaral ang itinuturing ang kanilang pamilya bilang pangunahing motibasyon upang makapagtapos at masuklian ang sakripisyong ibinigay sa kanila. Ang patuloy na paggabay at paghikayat ng magulang ay hindi lamang nagpapabuti sa kanilang kasalukuyang pag-aaral kundi naghahanda rin sa kanila para sa mas malaking hamon sa hinaharap (Ghosh, 2024).

**Motibasyon Mula sa Personal na Layunin.** Ang mga personal na layunin, tulad ng pagnanais na makapagtapos, makapagturo, at makatulong sa pamilya, ang nagsisilbing motibasyon ng mga mag-aaral upang malampasan ang hamon sa pagpili ng medyor sa Filipino. Ang pangarap na magkaroon ng magandang kinabukasan at ang layuning magtaguyod ng kanilang mga mahal sa buhay ay nagbibigay-inspirasyon upang patuloy silang magsikap at pagbutihin ang kanilang pag-aaral. Hindi lamang ito nagiging gabay sa kanilang pang-araw-araw na pagsisikap, kundi nagiging lakas din sa kanilang emosyonal na aspeto sa kabila ng mga pagsubok. Sa ganitong paraan, ang kanilang layunin ang nagsisilbing matatag na pundasyon para sa pagkamit ng tagumpay hindi lamang para sa kanilang sarili, kundi para rin sa kanilang pamilya.

Bukod pa rito, ang mga layunin ay tumutulong sa mga mag-aaral na bigyang-priyoridad ang mga gawain at panatilihin ang kanilang dedikasyon tungo sa akademikong tagumpay. Maaari rin itong magpataas ng motibasyon sa araw-araw at sa buong semestre, dahil nauunawaan ng mga mag-aaral na ang lahat ng kanilang pinagdaanan ay makatutulong sa kanila sa hinaharap. Bukod dito, nakatutulong ito sa pagpupursige at pagpapanatili ng pagsisikap sa kabila ng mga hamon. Sa iyong paglalakbay sa kolehiyo, tiyak na haharap ka sa iba’t ibang pagsubok. May mga pagkakataong gusto mo ng sumuko o di kaya’y nawalan ka ng ganang pumasok sa klase, mag-aral, o tapusin ang isang takdang-aralin. Ngunit ang pagkakaroon ng personal na layunin, ay makatutulong sa iyo na malampasan ang mga hamon at magpatuloy pa rin (Stewart et al., 2023).

**Mabisang Estratehiya sa Pag-aaral.** Upang mapadali ang pag-unawa at pagkatuto sa asignaturang Filipino, gumamit ang mga mag-aaral ng iba’t ibang mabisang estratehiya**.** Kabilang sa mga ito ang aktibong pakikinig sa guro, pagsabay ng sariling pag-aaral, at paggamit ng mga presentasyon at tala bilang gabay sa pagbabalik-aral. Isinasagawa rin ang agarang pagtugon sa mga gawain at pananaliksik upang palawakin ang kaalaman. Sa tuwing may hindi ganap na nauunawaan, naghahanap sila ng karagdagang paliwanag upang mas malinaw na maunawaan ang paksa. Ang paulit-ulit na pagsusuri ng tala ay nakatutulong upang matandaan ang mahahalagang impormasyon at mapanatili ang pagkatuto.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay tumutugma sa isang pag-aaral na nagsasabing ang aktibong pakikinig sa guro ay mahalagang bahagi sa pag-aaral ng wika, lalo na sa pag-unawa sa ponolohiya, morpolohiya, at semantika. Sa pamamagitan nito, mas nagkakaroon ng malinaw na pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga konsepto at estruktura ng wika. Ang aktibong pakikinig ay makatutulong upang maunawaang mabuti ng mga mag-aaral ang mga ito at mas lalong makilala ang kanilang sarili bilang mga mag-aaral na nag-aaral ng wika (Ambubuyog et al., 2023).

Bilang karagdagan, ang paggamit din ng mga tala at ppt’s bilang gabay sa pagbabalik-aral ay mabisang estratehiya. Mainam itong gamitin lalo na kung nais mong pag-aralang muli ang mga tinalakay sa loob ng klase. Ang paulit-ulit na pagsusuri ng tala ay nakatutulong upang matandaan ang mahahalagang impormasyon. Ang pagsusulat ng mga bagong impormasyon na natutunan sa loob ng klase ay tumutulong sa utak na matandaan ito nang mas mabuti. Dahil dito, mas nagiging madali para sa utak na alalahanin ang mga impormasyon (Lichty, 2022).

Samantala, kapag may mga bahagi ng aralin na hindi ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral, isang mabisang estratehiya ang pagsasaliksik sa internet. Sa pamamagitan nito, napapalawak pa ang kanilang kaalaman at nabibigyang-linaw ang mga paksang hindi nila maunawaan. Ang mga impormasyon na matatagpuan sa internet ay may mahalagang papel sa kaalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral (Szymkowiak et al., 2021).

**Pagiging Matatag at Pagtitiwala sa Sarili.** Ang pagiging matatag at pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay mahalagang salik na nakatulong sa mga mag-aaral upang malampasan ang iba't ibang hamon sa kanilang pag-aaral ng Filipino bilang kanilang medyor sa kolehiyo. Sa kabila ng mga hamon, nanatili silang matibay sa kanilang desisyon. Sa pag-aaral hindi maiiwasan ang mga hamong dumarating ngunit ang determinasyon at paniniwala sa sarili ng mga mag-aaral ang nagsilbing sandigan upang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Naniniwala ang mga mag-aaral na walang ibang makatutulong sa kanila kundi ang kanilang mga sarili.

Ayon sa isang pag-aaral, ang pagtitiwala sa sarili ay isang mahalagang salik na nakatutulong sa mga mag-aaral na mapagtagumpayan ang iba't ibang hamon sa kanilang pag-aaral, na sumusuporta sa naging resulta ng pananaliksik na ito. Sa pamamagitan ng matibay na paniniwala sa kanilang kakayahan, mas nagkakaroon sila ng determinasyon at kumpiyansa upang maabot ang kanilang mga layunin sa buhay. Sa kabilang banda, ang

kawalan ng tiwala sa sarili ay maaaring maging hadlang sa kanilang pag-unlad, dahil maaari itong magdulot ng pag-aalinlangan bago pa man nila makamit ang kanilang mga pangarap (Anbar, 2022).

Panghuli, mahalaga din ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa gitna ng mga pagsubok, dahil sa halip na magpokus sa problema, mas iniisip nila ang mga solusyon at kung paano makabangon mula rito. Ang ganitong pananaw ay nakatutulong hindi lamang sa pagharap sa mga hamon sa kasalukuyan, kundi pati na rin sa pagpapalakas ng loob at pagkakaroon ng pag-asa para sa hinaharap (Perry, 2025).

**Pamamahala ng Emosyon sa Pag-aaral.** Ang pamamahala ng emosyon ang naging daan upang malampasan ng mga mag-aaral ang mga hamon sa kanilang pag-aaral. Upang maiwasan ang *stress* at panghihina ng loob, pinipili nilang huwag masyadong dibdibin ang kanilang pagkabigo. Kadalasan, nagpapahinga sila sa pamamagitan ng pagtulog at muling lumalaban matapos makapagpahinga. Samantala, may mga mag-aaral ding naglilibang o gumagala upang maibsan ang bigat ng isip. May ilan namang inilalabas ang kanilang emosyon sa pamamagitan ng pag-iyak at pananalangin. Sa kabila ng lahat ng ito, patuloy nilang pinapalakas ang kanilang loob upang magpatuloy sa kanilang kurso.

Ang mga datos mula sa pananaliksik na ito ay lalong nagpapatibay sa mga natuklasan ng pag-aaral noong 2024, na nagpapakita ng mahalagang papel ng mga *coping mechanism* sa epektibong pamamahala ng *stress*, pagkabalisa, at iba pang emosyonal na suliranin. Ipinakikita ng mga resulta na ang paggamit ng mga angkop na estratehiya, tulad ng sapat na pagtulog, paglilibang, at pagpapahinga, ay mahalaga upang mapanatili at mapabuti ang ating emosyonal na kalagayan (Crosby, 2024).

Sa madaling salita, ang iyong emosyon ay may mahalagang papel sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kaya naman, ang epektibong pamamahala ng emosyon sa tuwing nakararanas ka ng mga hamon sa pag-aaral ay kinakailangan. Kapag hindi mo na makontrol o mapigilan ang iyong emosyon, maaari itong makaapekto sa iyong emosyonal na kalusugan at sa relasyon mo sa ibang tao (Raypole, 2024).

**Ang mga pananaw ng mga mag-aaral ukol sa pagpili ng asignaturang Filipino bilang medyor sa kolehiyo.** Sa mga naalisang pahayag mula sa ibinahagi ng mga partisipante, lumitaw ang apat na tema.

**Pagpili ng Medyor na Tapat sa Puso at Interes.** Ang pagpili ng medyor sa kolehiyo ay isang mahalagang desisyon na dapat nakabatay sa interes at tunay na nais ng isang mag-aaral upang maiwasan ang pagsisisi sa hinaharap. Kapag ang isang kurso ay tapat sa puso, mas nagiging masigasig at determinado ang isang mag-aaral na harapin ang anumang hamon sa kaniyang pag-aaral. Dahil dito, mahalaga na piliin ang isang medyor hindi dahil sa limitadong pagpipilian kundi dahil sa tunay na interes at pagpapahalaga rito. Ang pagpili ng Filipino bilang medyor ay dapat nagmumula sa iyong personal na interes sa asignatura hindi lamang bilang isang alternatibo. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at kasiya-siya ang paglalakbay sa akademya, na nagbubunga ng mas matagumpay na hinaharap.

Kaakibat ng tamang pagpili, mahalagang may interes ka sa asignaturang iyong pipiliin bilang medyor sa kolehiyo dahil naiimpluwensiyahan nito ang iyong pagkatuto. Mas makikilahok ang mga mag-aaral sa mga iba't ibang gawain sa paaralan kapag positibong napukaw ang kanilang interes at damdamin. Mas magiging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung may interes sila sa kanilang pinag-aaralan (Herpratiwi & Tohir, 2022).

Natuklasan din sa isang pananaliksik na mahalaga ang personal na pagpili ng mga mag-aaral. Mahalaga ang personal na pagpili dahil nagbibigay ito sa atin ng pakiramdam na may kontrol tayo sa ating sariling buhay. Kapag tayo mismo ang gumagawa ng desisyon, tulad ng pagpili ng medyor sa kolehiyo, nararamdaman nating tayo ang may hawak ng ating kinabukasan, sa halip na sundin lamang ang kagustuhan ng ibang tao (Cabaniss, 2021).

**Kahalagahan ng Suporta ng Magulang sa Pagpili ng Kurso.** Para sa mga mag-aaral, mahalaga ang suporta ng kanilang magulang sa pagpili nila ng kurso sa kolehiyo. Sa katunayan, binigyang-diin ng mga mag-aaral na nararapat na suportahan ng mga magulang ang kanilang mga desisyon lalo na ang pagpili ng kurso sa kolehiyo. Sa halip na pilitin ang kanilang anak sa isang partikular na kurso, mas mainam na gabayan at unawain nila ang interes, kakayahan, at pangarap ng kanilang anak. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng positibong pananaw ang mag-aaral sa kanilang pag-aaral at nagiging mas determinado silang harapin ang mga hamon sa kanilang pag-aaral. Bukod pa rito, mahalaga rin ang emosyonal at moral na suporta ng mga magulang sa mga mag-aaral na nakararanas ng pagkabalisa at hirap sa pag-aaral.

Batay sa isinagawang pag-aaral, na siyang nagpapatibay sa resulta ng pananaliksik na ito, hindi makakaila na ang mga magulang ay may mahalagang papel sa edukasyon ng kanilang anak sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta, lakas ng loob, at gabay. Hindi lang nila hinahayaan ang kanilang anak na matuto kundi aktibong nakikilahok din sila dito. Kapag may pakikilahok ang mga magulang, may kumpiyansa at motibasyon ang mga bata, na nakatutulong sa kanilang maging matibay at may pagmamahal sa kanilang pag-aaral (Lane, 2024).

Samantala, ayon sa isang pag-aaral, maraming mag-aaral ang nakararanas ng pagsisisi dahil hindi sila nabigyan ng pagkakataon ng kanilang mga magulang na pumili ng kursong naaayon sa kanilang interes at kagustuhan. Ipinahayag nila na ang kanilang hirap sa pag-aaral ay dulot ng hindi akmang kurso na napili lamang nila dahil sa limitadong pagpipilian. Dahil dito, mahalagang bigyan ng kalayaan ang mga mag aaral sa pagpili ng kanilang kurso sa kolehiyo. Sa ganitong paraan, maaari nilang piliin ang landas na tugma sa kanilang interes, kakayahan, at mga pangarap sa hinaharap, na makatutulong upang mapanatili ang kanilang motibasyon at dedikasyon sa pag aaral (Permana et al., 2024).

**Pag-unlad ng Personal na Kakayahan sa Filipino.** Ang pagpili ng medyor sa Filipino ay naging daan sa pag-unlad ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Mas lumawak at lumalim ang kanilang kaalaman sa wika, kasaysayan, at balarila, na nagbigay-daan sa mas epektibong paggamit nito. Natutunan nilang paghusayin ang kanilang pagsulat at mas naunawaan ang kahalagahan ng Filipino bilang isang asignatura. Sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral, unti-unting napabuti ang kanilang kasanayan at mas napalalim ang pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Mahalaga ang pag-aaral ng balarila dahil nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo, na siyang nagiging pundasyon ng mas malinaw at epektibong pakikipagkomunikasyon. Ang mas malawak na bokabularyo ay nagbibigay sa kanila ng kakayahang maging mas ekspresibo sa pagpapahayag ng kanilang saloobin at ideya, na lalong nagpapatibay sa kanilang kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino (Gilana & Marbella, 2023).

Tumugma rin ito sa mga naging resulta ng isa pang pag-aaral taong 2023, na nagsasaad na kapag may emosyonal na koneksyon ang isang indibidwal sa isang paksa, mas nagiging madali para sa kanya ang pag-unawa, pag-alala, at pagpapahalaga sa kaalaman. Sa kaso ng mga mag-aaral na pinili ang medyor sa Filipino, ang kanilang malalim na interes sa wika ay nagbunsod ng mas matibay na motibasyon na patuloy na paghusayin ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ang koneksyong ito ay naging mahalagang salik sa mas epektibong pagkatuto at mas mataas na pagpapahalaga sa asignaturang Filipino (Knight, 2023).

**Pagbabago ng Pananaw sa Filipino bilang Medyor.** Bunga ng malalim na pag-unlad ng kanilang kasanayan at kaalaman, kasabay ding nagbago ang pananaw ng mga mag-aaral. Ang pananaw ng mga mag-aaral na madali lang ang medyor sa Filipino ay nagbago matapos nila itong pag-aralan sa kolehiyo. Marami sa kanila ang unang nag-akala na sapat na ang pagsasalita ng Filipino upang madaling maintindihan ang kurso, ngunit nang lumalim ang kanilang pag-aaral, napagtanto nilang hindi ito ganoon kasimple. Nalaman nilang saklaw nito ang iba't ibang larangan, maging ang kasaysayan ng wika.

Ayon sa pag-aaral na sumusuporta sa mga natuklasan ng pananaliksik na ito, isa sa mga dahilan kung bakit maraming mag-aaral ang may paunang impresyon na madali lang ang Filipino bilang medyor ay dahil ito ang lingua franca ng bansa. Dahil dito, nagkakaroon sila ng paniniwalang likas na nilang nauunawaan ang lahat ng aspeto ng wika. Sa mga asignaturang gumagamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo, mas madaling maunawaan at maintindihan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay ng kanilang mga guro. Gayunpaman, sa mas malalim na pag aaral ng Filipino sa antas ng kolehiyo, natutuklasan nilang hindi lamang ito tungkol sa pagsasalita ng wika (Tomas et al., 2022).

**Implikasyon sa Pag-aaral**

Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay nagpapakita ng mga buhay na karanasan ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology tungo sa kanilang pagpili ng medyor sa kolehiyo. Pati na ang kanilang mga pamamaraan upang malampasan ang mga hamon sa pagpili nila ng Filipino bilang medyor sa kolehiyo at ang kanilang mga pananaw at saloobin hinggil dito.

Bilang isang mag-aaral at mananaliksik, iminumungkahi ng mananaliksik na magkaroon ng mas maayos, komprehensibo, at epektibong gabay para sa mga mag-aaral sa kanilang pagpili ng medyor sa kolehiyo. Mahalagang bigyang-pansin ang pagbibigay ng sapat na impormasyon, maayos na oryentasyon, at patuloy na suporta upang matulungan ang mga mag-aaral na masuri ang kanilang interes, kakayahan, at layunin sa buhay. Sa ganitong paraan, mas magiging tiyak, matalino, at mahusay ang kanilang desisyon, na maaaring magdulot ng positibong epekto sa kanilang akademikong pagganap, motibasyon sa pag-aaral, at pag-unlad sa kanilang napiling propesyon. Ang pagkakaroon ng ganitong gabay ay makatutulong din sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral at upang maiwasan ang mga pagsisisi, panghihinayang o pag-aalinlangan sa hinaharap.

Para sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), magsisilbing batayan ang resulta ng pananaliksik na ito sa pagbuo ng mga patakaran at programa na magbibigay ng mas epektibong gabay sa mga mag-aaral sa pagpili ng kanilang medyor sa kolehiyo. Ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang maayos na *career guidance*, sapat na oryentasyon, at detalyadong impormasyon tungkol sa mga kurso upang matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang pagpapasya. Sa pamamagitan ng mga hakbanging ito, masisiguro na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at suporta upang makapili ng kursong naaayon sa kanilang interes, kakayahan, at mga layunin.

Para naman sa pamunuan ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), makatutulong ang pananaliksik na ito sa pagpaplano at pagbubuo ng mga edukasyonal na programa na tutugon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Maaari itong magsilbing batayan sa pagbuo ng mas epektibong suporta upang matiyak na ang mga estudyante ay nabibigyan ng sapat na kaalaman at gabay sa kanilang napiling medyor. Bukod dito, maaaring makatulong ang resulta ng pananaliksik sa mas epektibong pamamahala ng institusyon, partikular sa pagbuo ng mga estratehiyang naglalayong mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pagtugon sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral. Sa pangkalahatan, ang pananaliksik na ito ay maaaring maging mahalagang sanggunian sa pagpapahusay ng sistema ng edukasyon sa KCAST upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Samantala, ang pag-aaral na ito ay makatutulong din sa mga guro upang mas epektibong magabayan ang mga mag-aaral na humaharap sa iba't ibang hamon sa kanilang napiling medyor sa kolehiyo. Magsisilbi itong batayan sa pagbuo ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo, lalo na't lumabas sa pag-aaral na may mahalagang papel ang kaalaman at gabay na ibinabahagi ng mga guro sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo at pagpapayo, matutulungan ng mga guro ang mga estudyante na mas maunawaan ang kanilang kurso, mapaunlad ang kanilang kasanayan, at mapanatili ang kanilang motibasyon sa pag-aaral.

Higit pa rito, ang pag-aaral na ito ay makatutulong din sa mga magulang upang mas magabayan at masuportahan nila ang kanilang mga anak sa mga gagawing desisyon sa kanilang buhay. Lumabas sa pag-aaral na mahalaga para sa mga mag-aaral ang suporta at tiwala ng kanilang mga magulang sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Mahalagang maunawaan ng mga magulang ang interes, kakayahan, at personal na kagustuhan ng kanilang mga anak kaysa sa kanilang sariling kagustuhan. Mahalaga ang impormasyong ito upang magabayan at matulungan nila ang kanilang mga anak sa pagpili ng medyor sa kolehiyo at upang masiguro na ang napili ay akma sa interes, kakayahan, at pangarap ng kanilang mga anak.

Sa kabilang banda, para naman sa mga mag-aaral na nasa Senior High School, mahalaga ang resulta ng pananaliksik na ito upang matulungan sila sa kanilang desisyon sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Magsisilbi itong gabay upang mas maunawaan nila ang kahalagahan ng kanilang personal na interes, kagustuhan, at kakayahan sa pagpili ng tamang kurso. Ipinapakita ng pag-aaral na ang maagang pag-alam at pag-unawa sa mga kursong maaaring tahakin ay maaaring makatulong sa kanila na makapagdesisyon nang mas maayos at may kumpiyansa.

Bukod dito, ang pananaliksik na ito ay mahalaga rin para sa mga kapwa mag-aaral na nakaranas o kasalukuyang dumaranas ng mga hamon sa kanilang napiling medyor sa kolehiyo. Magsisilbi itong inspirasyon at gabay upang maunawaan nila na ang pagiging matatag, pagkakaroon ng positibong pananaw, at pagtitiwala sa sarili ay mahalagang salik upang malampasan ang anumang pagsubok sa kanilang pag-aaral. Maaaring makatulong ang pag-aaral na ito sa pagbibigay ng kaalaman tungkol sa iba't ibang estratehiya at mekanismo na maaaring gamitin ng mga mag-aaral upang mas epektibong harapin ang mga hamon sa kanilang pag-aaral. Sa ganitong paraan, mahihikayat silang ipagpatuloy ang kanilang pagsisikap at mas mapagtibay ang kanilang dedikasyon upang tapusin ang kanilang napiling kurso sa kolehiyo.

Sa huli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaaring magsilbing sanggunian at gabay ang pag-aaral na ito sa kanilang mga susunod na pananaliksik na may kaugnayan sa pagpili ng medyor sa kolehiyo at iba pang aspeto ng akademikong pagpapasya ng mga mag-aaral. Inilahad ng pag-aaral na ito ang mga tunay na karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng kanilang medyor sa kolehiyo, kabilang ang mga hamon na kanilang hinarap, ang mga pamamaraan na ginamit nila upang malampasan ang mga ito, pati na rin ang kanilang mga pananaw tungkol sa pagpili ng Filipino bilang medyor sa kolehiyo.

**Implikasyon sa Susunod na Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa labing-apat na partisipante na mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino. Inilahad nito ang kanilang mga karanasan, pamamaraan, at pananaw sa pagpili ng medyor sa kolehiyo, subalit hindi nito ganap na sinasaklaw ang lahat ng karanasan ng ibang mag-aaral. Dahil dito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik upang higit pang mapalawak at matuklasan ang iba't ibang aspeto sa proseso ng pagpili ng medyor sa kolehiyo. Maaari ring gamitin ang iba't ibang dulog o disenyo ng pananaliksik na may kaugnayan sa paksang ito upang makalikom ng mas malalim na kaalaman.

Batay sa isinagawang malalimang panayam at pangkatang talakayan, naitala sa pag-aaral na ito ang mahahalagang karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng kanilang medyor, na nagkaroon ng makabuluhang epekto sa kanilang buhay. Ang mga natuklasang impormasyon at tema ng pananaliksik ay nagbibigay ng mahalagang datos na maaaring magsilbing batayan para sa mga susunod pang pag-aaral.

Sa kabuoan, maaaring gamitin ang pananaliksik na ito bilang gabay at sanggunian para sa iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa pagpili ng medyor sa kolehiyo. Ito ay maaaring pagkuhanan ng mahahalagang impormasyon batay sa mga naging karanasan, pamamaraan, at pananaw ng mga mag-aaral na lumahok sa pananaliksik.

**Panapos na Pahayag**

Ang pananaliksik na ito ay hindi naging madali sapagkat may mga pagkakataong nawawalan ng gana at motibasyon ang mananaliksik upang magpatuloy. Ang pagsasagawa ng isang kwalitatibong pananaliksik ay hindi madali dahil kinakailangang paghandaan ang bawat hakbang, mula sa pangangalap ng datos hanggang sa pagsusuri ng mga natuklasan. Gayunpaman, naging isang makabuluhang karanasan ito para sa mananaliksik, sapagkat marami siyang natutunan at nadiskubre sa kabuuan ng pag-aaral. Higit pa rito, nagkaroon siya ng pagkakataong makilala ang iba't ibang indibidwal na nagbigay ng suporta at tulong upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga karanasan, pananaw, at pamamaraan ng mga mag-aaral, napagtanto ng mananaliksik kung gaano kahalaga ang proseso ng pagdedesisyon at pagpili sa buhay, lalo na sa larangan ng edukasyon. Mahalaga rin ang naging resulta ng pananaliksik na ito sapagkat nailahad nito ang mga karanasan, hamon, estratehiya, at pananaw ng mga mag-aaral sa pagpili ng Filipino bilang kanilang medyor sa kolehiyo. Sa pamamagitan nito, maaaring makatulong ang pananaliksik sa pagbibigay-gabay sa mga estudyanteng nahaharap sa mga suliranin, *stress*, at pagkabalisa na may kaugnayan sa kanilang piniling kurso.

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa lahat ng lumahok sa pag-aaral na ito. Kung hindi dahil sa kanilang kooperasyon at pagbabahagi ng kanilang mga karanasan, hindi magiging matagumpay ang pananaliksik. Taos-pusong pinapahalagahan ng mananaliksik ang oras at pagsisikap na inilaan ng mga mag-aaral sa kabila ng kanilang mga akademikong gawain. Higit sa lahat, hinahangaan niya ang kanilang tapang at pagiging bukas sa pagbabahagi ng kanilang personal na karanasan.

Bilang mag-aaral, mahalaga ang pagiging matatag at positibo sa harap ng mga hamon. May mga pagkakataon na hindi natin agad magugustuhan ang kursong napili natin, pero ang pinakamahalaga ay ang patuloy na pagsisikap. Ipinakita ng mga kalahok sa pananaliksik na ang tiwala sa sarili, pananalig sa Diyos, epektibong estratehiya sa pag-aaral, at suporta mula sa pamilya ay mga mahalagang salik sa pagharap sa mga pagsubok.

Nawa'y magsilbing inspirasyon at gabay ang pananaliksik na ito sa mga estudyanteng nasa proseso pa lamang ng pagpili ng kanilang medyor sa kolehiyo. Sa huli, ang bawat desisyong ating ginagawa ay may kaakibat na hamon, subalit sa determinasyon, tiyaga, at tamang gabay, makakamit natin ang mga inaasam natin sa buhay.

## TALASANGGUNIAN

[1] Zhao, Y. (2022). Motivations for Chinese Students Choosing a college Major. *Journal of Education, Humanities and Social Sciences, 2(1), 307-317. (https://www.researchgate.net/publication/362075390_Motivations_for_Chinese_Students_Choosing_a_college_Major)*

[2] Tu, W. & Xia, C. The effect of socioeconomic status on major choice: a survey study based on 2774 college students [J]. Higher Education Forum, 2022, (03): 93 – 98.

[3] Sadjail, S., Sansawi, D., & Matola, M. L. (2022). Factors Influencing Students in Choosing their College Course. *ejournals.ph. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=20782*

[4] Taglucop, S. B. S., Camaño, A. K. N., Taclob, M. J. B., Otap, R. B., & Dionaldo, C. M. (2024). Mga Batayan sa Pagpili ng Asignaturang Medyor ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(3), 30-43.*

[5] Thath, R., Mong, M., & Chheng, S. (2022). Factors influencing students' choice of accounting major in Cambodia. *Journal of Accounting Finance Economics and Social Sciences*, *7(2), 63–71. https://doi.org/10.62458/jafess.160224.7(2)63-71*

[6] Merriam, S. (2009). Qualitative Research: A Guide to Design and Implementation. Sab Francisco, CA: Jossey Bass. https://www.amazon.com/Qualitative-Research-Guide-Design-Implementation/dp/0470283548 Amazon

[7] Cresswell, J. (2002) Educational Research: Planning, Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research, Meril Production Malinder addle River, NJ

[8] Bogdan, R. & Biklen, S.K. (1982). Qualitative Research for Education: An Introduction to Theory and Methods. Google Scholar. https://books.google.no/books?id=wIOCAAAAMAAJ&hl=no

[9] Denice, P. A. (2020). Choosing and changing course: Postsecondary students and the process of selecting a major field of study. *Sociological Perspectives*, *64(1), 82–108. https://doi.org/10.1177/0731121420921903*

[10] Onoshakpokaiye, O. E. (2022). THE INFLUENCE OF PARENTS ON STUDENTS' CHOICE OF CAREER IN THESE PRESENT OCCUPATIONAL CHALLENGES. *IJIET (International Journal of Indonesian Education and Teaching)*, *7*(1), *1–7. https://doi.org/10.24071/ijiet.v7i1.4968*

[11] Briones, M. A. P., & Rubi, R. B. (2021). *Course preference of college entrants: Basis for new program offerings. Asia Pacific Journal of Educational Perspectives, 8(1), 102-107.*

[12] Matthews, K. N., Edmondson, D. R., & Matthews, L. (2024). *Why Students Select their College Major: An Investigative Study*. DigitalCommons@Kennesaw State University. https://digitalcommons.kennesaw.edu/amj/vol13/iss1/11

[13] Acosta-Gonzaga, E. (2023). The effects of Self-Esteem and Academic engagement on university students' performance. *Behavioral Sciences, 13(4), 348. https://doi.org/10.3390/bs13040348*

[14] Akbari, O., & Sahibzada, J. (2020). Students' Self-Confidence and its impacts on their learning process. *American International Journal of Social Science Research, 5(1), 1–15. https://doi.org/10.46281/aijssr.v5i1.462*

[15] Hawthorne, H. (2024). Understanding the importance of motivation in education. *The Hub | High Speed Training*. https://www.highspeedtraining.co.uk/hub/motivation-in-education/

[16] Stewart, I., Maisonville, A., & Zriachev, N. (2023). *Successful students have goals*. https://ecampusontario.pressbooks.pub/studyprocaff2/chapter/chapter-1/

[17] Ambubuyog, E. M. I., Laumoc, G. L. C., Mantac, F. H. A., Pagulayan, F. M. C., Sayson, C. J. E. C., Velasco, A. C. M., & Biray, E. T. (2023). Active Listening: Its impact on language learning and understanding of education students. *International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(2), 671–676. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.33*

[18] Anbar, R. D., MD. (2022). Belief in oneself can be enhanced through perseverance. *Psychology Today*. https://www.psychologytoday.com/us/blog/understanding-hypnosis/202208/believing-in-yourself

[19] Crosby, J. (2024). *Healthy coping mechanisms and strategies: Behaviors that can set you up for success*. Thriveworks. https://thriveworks.com/help-with/coping-skills/coping-mechanisms/

[20] Herpratiwi, H., & Tohir, A. (2022). Learning interest and discipline on learning motivation. *International Journal of Education in Mathematics Science and Technology, 10(2), 424–435. https://doi.org/10.46328/ijemst.2290*

[21] Lane, S. (2024). *What is the Role of Parents in a Child's Education?* https://eduedify.com/role-of-parents-in-a-childs-education/

[22] Gilana, A., & Marbella, F. (2023). E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, *12(8). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.61*

[23] Knight, B. (2023). *Because it's worth it: Finding values in subject disciplines*. Headteacher Update. https://www.headteacher-update.com/content/best-practice/because-it-s-worth-it-finding-values-in-subject-disciplines/

[24] Tomas, D. S., S., Payangdo, J., Sagayo, E., & Benguet State University. (2022). Pagkatuto ng mga Mag-Aaral na Kankanaey ng wikang Filipino bilang pangalawang wika [Journal-article]. *INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES*, *II*(*11), 139–141.*